# Transcript of MPOS Minister's Speech

| | |
|---|---|
| Title of the Activity: | **Mid-Year Assessment 2021 – opening remarks** |
| Date: | August 11, 2021 |
| Location: | Dakak Park and Beach Resort, Dapitan City |
| Audience Demographics: | MPOS Employees |

Speaker: **Hon. Hussein P. Muñoz**

---

AUDHO BILLAHIMINASHAYTANIRRAJEEM.
BISMILLAHIRAHMANIRAHEEM.

RABBI SHRAHLI SADRI, WA YASSIRLI AMRI, WAHLUL UQDATAN MIN LISAANI YAF KAHU KAWLI. AMMA BAAD…ASSALAMU ALAYKUM WARAHMATULLAHI WABARAKATUH!

Assalamu Alaykum Warahmatullahi Wabarakatuh.

Sa mga bubutihing opisyales ng ating ministro na pinangungunahn ng ating Director-General, Atty. Al-Rashid L. Balt; Jobayra Tandalong, Chief Admin. Officer, Dr. Jolly Lais, Community Affairs Officer V; sa mga unit heads sampu ng kani-kanilang staff, magandang hapon sa inyong lahat, Assalamu Alaykum Warahmatullahi Wabarakatuh!

Ngayong hapon tayo ay magsasama-sama upang maisagawa ang isa sa mga pinaka importanting activities ng ating Ministro, ang Mid-Year Assessment para sa Fiscal Year 2021. Atin pong babalikan at susuriin ang mga nagawa natin para sa unang kalahating taon ng 2021 at gagawin pa bago matapos ang taong 2021. Hindi po lingid sa lahat na habang ginagawa natin ang ating mga Programa para sa taong ito, ay meron pa rin tayong mga Programa for 2020 na tinatapos o tatapusin pa. Sa kadahilanan ng pandemya dulot ng Covid-19, naapektuhan ang pagpapatupad at pag-implementa ng ating mga programa. Pangalawa roon, ay ang kakulangan ng bilang ng ating mga manggagawa. Hanggang ngayon, ang pandemya at kakulangan ng manggagawa ay nanatiling balakid at hamon sa atin. Alhamudulillah, nakakausad tayo kahit papaano.

With barely four months before 2022, we are walking on a tightrope, and we need to be more decisive and strategic in accomplishing our deliverables. Paigtingin po natin ang ating pagkakaisa at pagtutulungan. Batid kong hindi madali para sa lahat, but if we depend on each other, nagkakaisa, naggagabayan, nag-iintindihan, at nagtutulungan, we can make it inshaallah. Hindi man natin maabot ang 100% accomplishment, we will certainly finish with certitude because I know with trust and confidence that we can deliver. Let just make each other our strength dahil wala tayong masasandalang iba kung hindi ang ating mga sarili at ang ating mga panalangin kay Allah. We need to work as one, na may paniniwala sa kakayahan ng bawat isa.

I ask each one of you to be more patient and understanding. Walang hindi makakaya sa pamilyang sama-sama. At sa MPOS tayo ay pamilya.

Wa billahi tawfik Wal Hidaya, magandang hapon pong muli. Assalamu Alaykum Warahmatullahi Taala Wabarakatuh!